# Tinanong ko si Rāfi` bin Khudayj tungkol sa pagpapaupa ng lupa kapalit ng ginto at pilak at nagsabi ito na walang masama rito.

Ayon kay Ḥanđalah bin Qays na nagsabi: "Tinanong ko si Rāfi` bin Khudayj tungkol sa pagpapaupa ng lupa kapalit ng ginto at pilak at nagsabi ito na walang masama rito. Ang mga tao noon ay nagpapaarkila sa panahon ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ng nasa tabi ng mga tubigan at mga dulot ng mga batis, at ng mga bahagi mula sa sakahan lamang. [Maaaring] nasisira ito at naliligtas ito at walang upa para sa mga tao maliban [sa naligtas na] ito. Dahil doon, sinaway niya iyon; ngunit kung may anumang bagay na alam at ginarantiyahan, walang masama rito.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Binanggit ni Rāfi` bin Khudayj na ang mag-anak niya ay ang may pinakamaraming sakahan at pataniman sa mga naninirahan sa Madīnah. Sila noon ay nagpapaupa ng lupain sa paraang pampanahon ng kamangmangan sapagkat ipinasasaka nila ang lupa sa kundisyong sa kanila ang isang bahagi ng sakahan at sa magsasaka ang ibang bahagi. Marahil mamumunga itong isang bahagi at masisira iyang isang bahagi. Maaaring ilaan nila sa may-ari ng lupa ang mga pinakamainam na sakahan gaya ng tinutubuan sa tabi ng mga tubigan at mga batis. Masisira ang isang bahagi at mamumunga ang ibang bahagi o ang kabaliktaran. Pinagbawalan sila ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ng ganitong transaksiyon dahil sa taglay nito na panggugulang, kamangmangan, at kawalang-katarungan. Kailangan ang kaalaman sa pagbabayaran kung papaanong kailangan ang pagkakapantay-pantay sa pakinabang at pinsala. Kung ito ay isang bahagi mula roon, ito ay sosyohang ang batayan ay ang katarungan at ang pagkakapantay-pantay sa kapakinabangan doon at kapinsalaan doon at ayon sa partehang malinaw gaya ng 1/4 o 1/2. Kung ito ay may bayad, ito ay pagpapaupang kailangang may kaalaman sa pababayaran. Ito ay ipinahihintulot bayaran man ng ginto o pilak o pagkain na tumutubo mula sa lupa o mula sa kauri nito o sa iba pang uri dahil ito ay pagpapaupa ng lupa o pakikisaka batay sa pagkapangkalahatan ng ḥadīth; ngunit kung may anumang bagay na alam at ginarantiyahan, walang masama rito.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee